▸ Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa paggawa ng maagang direktiba?

Magtanong sa inyong manggagamot, nars, trabahador panlipunan o kung sino mang nagtratrabaho sa mga institusyong nagbibigay ng pag-aalaga at paggamot sa may sakit. Maari kayong kumuha ng abugado at ipasulat sa kanya ang mga maaga ninyong direktiba, o maari ding kayong gumawa ng maagang direktiba sa pamamagitan ng pagsulat sa isang nakahanda nang dokumento.

Para sa katuparan ng Batas Pampubliko 101-508, inihanda ng California Consortium on Patient Self-Determination ang dokumentong ito noong 1991; ito ay binago noong 2000 ng California Department of Health Services, na may kontribusyon sa mga miyembro ng alyansa at iba pang interesadong partido, upang ipakita ang pagbabago sa batas ng estado.

▸ ANG INYONG KARAPATANG MAGPASYA UKOL SA PAGGAMOT NG INYONG SAKIT

▸ Dito ay ipinapaliwanag ang karapatan ninyong magpasya ukol sa paggamot ng inyong sakit at kung paano kayo makapapagplano ngayon ng pamamaraan ng paggamot kung sakaling hindi kayo makapagsalita para sa inyong sarili sa mga darating na araw.

▸ Kami ay inaatasan ng pederal na batas na ibigay sa inyo ang mga impormasyong ito. Nais naming makatulong ang impormasyong ito sa inyong pagpapasya sa paggamot ng inyong sakit.

TAGALOG

▸ Sino ang nagpapasya ukol sa paggamot sa akin?

Makapagbibigay ang inyong mga manggagamot ng impormasyon at payo tungkol sa paggamot sa inyo. Kayo ay may karapatang pumili. Kayo ay makakapagsabi ng "Oo" sa paraang ninanais ninyo. Kayo ay makakapagsabi ng "Hindi" sa mga paraang hindi ninyo ninanais kahit na ang mga paraang ito ay makapapagpahaba ng inyong buhay.

▸ Paano ko malalaman kung ano ang gusto ko?

Kinakailangang ipaalam sa inyo ng inyong manggagamot ang mga impormasyon ukol sa inyong sakit, ang iba't-ibang pamamaraan ng paggamot dito at mga alternatibo sa pagbawas ng sakit na inyong nararamdaman. Maraming paggamot na may tinatawag na "di-hangad na epekto." Kinakailangang mabigyan kayo ng inyong manggagamot ng impormasyon tungkol sa mga problema na maari ninyong makuha sa proseso panggamot sa inyo.

Madalas, higit sa isang pamamaraan ang maaring makatulong sa inyo—at mayroong iba't-ibang ideya ang mga tao tungkol sa kung anong paraan ang pinakamainam. Masasabi ng inyong manggamot ang mga pamamaraan na magagamit sa inyo, ngunit di sila makakapagpasya para sa inyo. Ang desisyon ay nasa inyong mga kamay at iniaayon sa kung ano ang mahalaga sa inyo.

▸ Maari ba akong tulungan ng ibang tao sa aking pagpapasya?

Oo. Ang mga taong may-sakit ay madalas na humihingi ng tulong sa kanilang mga kapamilya at matalik na kaibigan sa pagpapasya ukol sa paggamot sa kanila. Ang mga taong ito ay makakatulong sa pag-iisip sa mga pasyang inyong hinaharap. Maari ninyong hilingin na kausapin ng mga manggagamot at nars ang inyong mga kapamilya at kaibigan. Maari rin silang magtanong sa mga manggagamot at nars.

▸ Maari ko bang piliin ang isang kamag-anak or kaibigan na magpasiya para sa aking kalusugan?

Oo. Maari ninyong sabihin sa inyong doktor na nais ninyo na ibang tao ang magpapasiya ukol sa inyong kalusugan. Hilingin sa doktor na ilista niya ang taong ito sa inyong "medical record" bilang inyong "surrogate". Ang kapangyarihan ng inyong "surrogate" na magpasiya ukol sa inyong kalusugan ay may bisa lamang sa panahon ng inyong kasalukuyang sakit o pagkapinsala o, kapag kayo ay nasa isang lugar ng paggamot, hanggang umalis kayo sa lugar na ito.

▸ Paano kung lumala ang aking sakit at hindi na ako makapagpasya?

Kung wala kayong napiling taong makapagpapasya para sa inyo, pipili ang inyong manggagamot ng isang malapit ninyong kamag-anak o kaibigan upang tumulong sa pagpapasya para sa paggamot sa inyo. Madalas na mabisa ito. Ngunit may mga pagkakataon na hindi nagkakasundo ang mga tao kung ano ang dapat gawin. Kaya makakatulong kung makakapagsabi kayo habang maaga pa kung ano ang gusto ninyong mangyari kung sakaling hindi kayo makapagpasya para sa inyong sarili sa mga darating na araw.

▸ Kinakailangan ko bang maghintay bago ako makapagsabi ng aking mga ninanais tungkol sa pag-alaga sa akin?

Hindi. Mas mainam na mamili na kayo habang maaga pa, bago pa lumala ang inyong sakit, bago kayo kailanganing ipa-ospital o pumunta sa tahanan ng pag-aalaga o ibang pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan. Maari ninyong gamitin ang Advance Health Care Directive upang sabihin kung *sino* ang

nais ninyong magsalita para sa inyo at *anu-anong* pamamaraan ng paggamot ang nais ninyo. Ang mga dokumentong ito ay tinatawag na "advance" dahil sila ay iniha-handa bago mangailangan ng mga pasya ukol sa paggamot ng sakit. Ang mga ito ay tinatawag na "directives" dahil nakasaad sa mga ito kung sino ang magsasalita para sa inyo at kung ano ang mga nararapat gawin.
Sa California, ang bahagi ng dokumentong ito na maari ninyong gamitin upang magtakda ng ahente na gagawa ng pasya ukol sa paggamot ay tinatawag na **Power of Attorney For Health Care**. Ang bahagi kung saan maari ninyong masabi kung ano ang gusto ninyong mangyari ay tinatawag na **Individual Health Care Instruction**.

▸ Sino ang maaring gumawa ng maagang direktiba (advance directive)?



Maari kayong gumawa ng maagang direktiba kung kayo ay 18 taong gulang pataas at may kakayahang magpasya tungkol sa inyong pagpapaalaga at paggamot. Hindi ninyo kailangan ng abugado.

▸ Sino ang maari kong gawing ahente?

Maari kayong pumili ng isang kamag-anak na may sapat na gulang o sinumang taong inyong pinagkakatiwalaan na maaring magsalita sa inyo kapag kailangan nang magpasya tungkol sa paggamot sa inyo.

▸ Kailan magsisimula ang aking ahente na magpasya tungkol sa paggamot sa akin?

Pangkaraniwan, ang isang ahente ay magsisim-ulang gumawa ng mga desisyon kapag nawalan na kayo ng kakayahang magpasya para sa inyong sarili. Ngunit maari ninyong sabihin sa **Power of Attorney for Health Care** na ang inyong ahente ang gagawa kaagad ng lahat ng desisyon tungkol sa paggamot sa inyo.

▸ Paano malalaman ng aking ahente ang ninanais ko?

Pagkatapos ninyong pumili ng inyong ahente, kausapin ninyo siya tungkol sa mga nais ninyo. Ang mga desisyon tungkol sa pag-gamot ay mahirap gawin at makakatulong kung alam na ng inyong ahente kung ano ang ninanais ninyo. Maari niyo ring isulat ang mga ninanais ninyo sa inyong maagang direktiba.

▸ Paano kung hindi ko gustong magka-roon ng ahente?

Maari ninyo pa ring isulat ang inyong mga ninanais sa inyong maagang direktiba, kahit wala kayong itatakdang ahente. Maari ninyong sabihin na nais ninyong pahabain ang inyong buhay hanggang posible. O maari ninyo ring sabihin na hindi ninyo ninanais na pahabain ng paggamot ang inyong buhay. Maari ninyo ring ipahayag ang inyong mga kagustuhan tungkol sa pag-aalis ng sakit o anumang klase ng paggamot.

Kahit na wala kayong nasulatang **Individual Health Care Instruction**, maari ninyong konsultahin at kausapin ang inyong manggagamot at ipalista sa kanya ang inyong mga kagustuhan. Maari ninyo ring kausapin ang inyong pamilya o kaibigan tungkol sa inyong mga kagustuhan. Ngunit maaring mas madali kung isusulat ninyo na lamang ang mga ito.

▸ Paano kung nagbago ang aking isip?

Maari kayong magbago ng isip o kanselahin ang inyong maagang direktiba anumang oras na gusto ninyo habang kaya pa ninyong iparating ang inyong mga kagustuhan. Para palitan ang taong itinakda ninyong ahente, kinakailangan ninyong pumirma ng isang dokumento na nagsasaad nito o sabihin sa inyong manggagamot.

▸ Ano ang mangyayari kapag may ibang taong nagpasya tungkol sa paggamot sa akin?

Ang mga batas na sinusunod ng sinumang nagpapasya para sa inyo, isang ahente, kamag-anak na inyong pinili upang gumawa ng desisyon para sa inyo o isang tao na itinakda ng korte na gumawa na desisyon para sa inyo ay iisa. Ang lahat ng mga ito ay kailangang sumunod sa inyong **Health Care Instructions**, o kung wala man nito, sa inyong mga kagustuhan tungkol sa pagg-amot sa inyo, kasama na ang pagpapatigil nito. Kung hindi alam ang inyong kagustuhan, ang "surrogate" ay mapipilitang gumawa ng desisyon na sa palagay niya ay pinakamalapit sa kagustuhan ninyo.

Ang mga taong nagbibigay ng kalinga at gumagamot sa inyo ay dapat sumunod sa pasya ng inyong ahente o malapit na kamag-anak hangga't ang mga pasya nila ay nakabubuti sa inyo at di masamang medikal na pamamaraan o di makakatulong sa inyo. Kung ito ay magsisimula ng kaguluhan, ang tagapagkaloob ng inyong pangangalagang pangkalusugan ay dapat maghanap ng kapalit para gumamot sa inyo.

▸ Gagamutin ba ako kahit hindi ako gumawa ng maagang direktiba?

Syempre. Kayo ay makakakuha pa rin ng sapat na pag-aalaga at paggamot. Nais lang namin ipaalam sa inyo na kung sakaling lumala ang inyong sakit at hindi kayo maka-pagpasya para sa inyong sarili, ibang tao ang gagawa nito para sa inyo. Tandaan:

▸ Ang Power of Attoney for Health Care ay nagbibigay sa inyo ng kapangyarihan na magtakda ng ahente upang gumawa ng desisyon para sa inyo. Ang inyong ahente ang gagawa ng karamihan ng pagpapasya tungkol sa paggamot sa inyo, di lamang mga tungkol sa pagpapahaba ng inyong buhay-kapag hindi ninyo kayang magsalita para sa inyong sarili. Maari ring gumawa ng desisyon ang inyong ahente mula sa umpisa ng paggamot sa inyo kung ito ang inyong ninanais.

▸ Maari kayong gumawa ng Individual Health Care Instruction sa pamamagitan ng pagsulat ng inyong mga kagustuhan tungkol sa paggamot sa inyo o pakikipag-usap sa inyong manggagamot at hilingin dito na isulat ang inyong mga kagustuhan. Kung alam ninyo na mayroong mga pama-maraan na hindi ninyo magugustuhan, ang "instruction" ay nagbibigay ng isang maga-ndang paraan kung saan magiging malinaw ang inyong mga kagustuhan para sa inyong manggagamot at sa kung sino mang kasama sa pagpapasya tungkol sa paggamot sa inyo.

▸ Ang dalawang klaseng Advance Health Care Directives na ito ay maaring gamiting sabay o magkahiwalay.